Presidential Communications Operations Office
Presidential News Desk

TALK TO THE PEOPLE OF PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE
[19 October 2021]

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE: Magandang gabi sa inyong lahat. Nandito kami again to keep you updated na para malaman ninyo kung ano ang nangyayari at ano 'yung ginagawa at ano 'yung natatapos at ano ang hindi.

Nandito po 'yung mga departamento secretary and they will make their report to you. So attending this meeting tonight, nandito po si Secretary Duque, Secretary Galvez, Secretary Lorenzana, and Secretary Año. Then we have via video conference si Secretary Roque, si Secretary Nograles, si Chairman Abalos pati si Vince Dizon who is in the United States right now. Other attendees are Secretary Medialdea and Senator Bong Go.

Now, paano ba natin umpisahan 'to? I'd like to report to you last week that nandoon ako sa Marawi. We commemorated the fourth anniversary of the --- from the terrorist group and we have also unveiled the marker for the Grand Mosque sa Marawi. Gusto ninyong tingnan ang Marawi ngayon? Let's try to ask the technical people if they have the footages.

[plays video presentation]

Let us be clear on this, we in government, Executive department, Cabinet members, si Secretary del Rosario, si Ed, we do not claim any credit for this. To rebuild Marawi was a government commitment and trabahante lang kami. So except for, well, 'yung mga nagpapasalamat sa akin, hindi --- okay na rin pero hindi na kailangan sabi ko kasi trabaho ko 'yan. And besides, hindi ito sa kampanya kasi we are in the campaign period already na hindi ito ano --- pera ng tao ito. So kaya lang nandito kami in this program because sinabi ko sa inyo ipapakita ko kung saan 'yung pera ninyo napunta.

Napakita na namin 'yung sa mga airports, highways and everything, and of course, the greatest damage inflicted by the siege primarily started by the terrorists left Marawi into rubbles. So pinakita ko sa inyo kung saan ang pera natin napunta.

Importante kasi 'yan kasi ngayon left and right. May makita lang ano, "ah corruption, corruption nandito, corruption." Magandang issue kasi 'yan kasi election. Iyong hindi naman nakaalam masyado o walang alam, o alangan 'yung alam eh tapos sumali kayo sa --- hindi ninyo alam ang proseso, now you see the light of day.

At the first instance we have said, the Senate is not a criminal investigation body. If you are looking for graft, hindi diyan, sa Ombudsman. It's the prosecutors who will pore over the documents and would tell you that there is a good case to file in court. Otherwise, sabihin sa iyo i-dismiss natin 'yan kasi walang ebidensiya.

But there are some people who keep on hammering, that is a free campaign exposure. Pero sinabi ko sa inyo alam ko na --- ang mga tao na may dalawa ang mukha dito sa ating gobyerno. Sabihin ko na lang mamaya.

Ang good news natin muna sa pediatric vaccination. I am happy to report that on the first day of inoculation of the minors last October 15, more than 1,100 minors with comorbidities have been given their first dose of vaccine against COVID-19.

Also, we will expand the vaccination of this adolescent age group of 12 to 17 by adding 13 more hospitals in the NCR.
Currently, we have an initial eight participating hospitals and we hope to expand this number ng mga ospital and we also welcome the arrival of additional vaccines in the coming days.

Ang dating ng vaccine kasi continuous kaya araw-araw halos si Secretary Galvez pati si Secretary Duque tumatakbo talaga 'yan doon sa ano para to be there 'yung ididiskarga 'yung mga vaccines natin. That is why I said I want them to focus on their work kung wala naman tanungin sa kanila at huwag pabalik-balikin. Wala akong ano, I said you can crumple, tear and tatter sa --- wala akong pakialam diyan sa Pharmally na 'yan. Ang akin 'yung tao. So iyon ang nangyari diyan.

As of October 18, we have received more than [91.5] million COVID-19 vaccine doses. We expect this number to reach a total of 104 million doses by the end of October.

Tapos mayroon tayong vaccines donations. We thank the Japanese government for their donation of close to 2 million doses of life-saving vaccines. Indeed, Japan is a friend closer than a brother ready to help in times of need.

Our thanks go also to the United States for providing more than 2 million doses of COVID-19 vaccines delivered through the facility called COVAX. This is the seventh shipment of vaccines from the United States totaling approximately 18 million doses of vaccines. These vaccines deliveries demonstrate the strength of the US-Philippine alliance. The deliveries also demonstrate the wisdom of the Philippines' decision to do its part in contributing to the COVAX facility and strengthening its engagement with the United Nations and the World Health Organization. The vaccines will benefit our country and help us bring closer to the goal of having a better Christmas.

We have also administered close to 53 million doses as of today, 'yung naturukan na, 32 percent of our target population have been fully vaccinated and we are well on our way of achieving our target of at least 50 percent.

We are confident that if not all --- we are confident that most, if not all, cities in the country will be --- hit and even surpass the target before Christmas. In the NCR, more than 80 percent of the population are fully vaccinated. Iyan napakaganda niyan na balita. This is not just for your own protection, but also for the civic duty to protect others and also allow to turn the page and get everyone back to track of normalcy.

So medyo duma-dive 'yung nahahawa. Wala nang mahawaan kasi may bakuna eh. By the way, let me just talk to you about itong bakuna. Until now --- early, early on, unang mga araw wala pa tayong bakuna nag-warning na ako sa inyo na kasi may mga tao, may grupo ng tao, may sektor dito na gusto Moderna, gusto Pfizer, 'yung gusto US, ayaw ng made in China but when after all, they are all done in the laboratories with people who are really well-equipped medically to do their job.

So sabi ko huwag kayong mamili. Now ngayon, mayroon na naman na gustong --- gusto --- ayaw magpa-deliver ng iba kung hindi Pfizer pati Moderna. Sinasabi ko sa iyo, kung hindi totoo 'yang mga bakuna na itong sa Sinovac pati Sinopharm, ito 'yung unang nagdating, eh 'di marami ng patay. If they are not effective and if they are not good, eh bakit ngayon mara --- halos wala ng

patay? And yet you continue to mingle, ignoring the rule of distancing at every opportunity. Kung ganoon...

Ako Sinopharm/Sinovac, tinatanggal ko 'yung ano. Pero hanggang ngayon --- ah hindi lang siguro panahon ko, anywhere I go, nagtatanggal ako ng --- kasi ayaw kong magsalita na may muffled. Para kang aso na nilagyan ng anti-kagat sa bunganga. Hindi ako makapagsalita.

So iyon 'yung maiwan ko sa inyo. Huwag kayong mamili. Sabi ko kay Secretary Galvez pati kay --- ibabalasa ninyo. Iyong isang karton itapon mo sa isa dito, iyon… So ang magdating sa inyo halo.

Ang mga advice ko naman sa --- kung nakikinig 'yang mga medical people sa gobyerno, iyong sa ---- do not do some favoritism there kasi masisira talaga. You will just spoil everything.

For the good news, again, iyong FedEx is the largest logistics company in the world has returned to the country in Clark after leaving Subic for China in 20 --- 2009 umalis dito sa Clark dahil rin siguro kay Gordon.

FedEx constructed a brand new [17,000] square meter world-class facility in Clark that features state-of-the-art cold storage facilities capable of shipping and storing sensitive cargo like vaccines.

Ipakita daw. Mayroon kayong footage doon? Para makita ng ano --- how Clark is doing now. *[shows video footage]* That's Clark, huwag lang sana pasukin ni Gordon. Iyon, pinakamalaking ano.

Let's go to the report of the individual secretaries about their department and their work. I'd call on Secretary Galvez first. Go ahead, sir.

NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER AND VACCINE CZAR CARLITO GALVEZ JR.: Mr. President; Senator Bong Go; ES --- Sir Bingbong Medialdea; fellow secretaries; sa lahat po ng ating mga nanonood at nakikinig, magandang gabi po sa inyong lahat.

Ibabalita ko lang po ang mga magandang nangyayari po this coming October as the President has narrated. Iyong bakuna, hindi po na --- sabi ko I will ano emphasize po.

[Next slide, please.]
Sir, marami pong magandang balita po sa October, it's the biggest supply delivery from Pfizer, Moderna, and COVAX, and Sputnik. As we have said earlier, almost 92 million doses already been delivered.

For COVAX, ito po ang isa sa pinakamalaking delivery ng COVAX considering that for this month, they have already delivered 7.3 million, which is 6.4 po ang Pfizer from US donation and 844,800 from the German donation. The German ambassador told us that they will ano they will add more to make it 1.6 million AstraZeneca donation and also based on the ano the, the ano the, the text given to us by ES that another 2 million will be given by the US to make it more or less 18 million for the COVAX.

For this month, we already received 20 million that already arrived. This is the biggest arrival since most of our vaccines that we received last month is only 19 million. So the achieving of 100 million

doses delivery before the end of October is on track. And right now, the supply is not anymore an issue. We have more than 38 million doses in our warehouses.

[Next slide, please.]

As we have discussed earlier that more or less 53 million doses with more than 28 million people have taken their first dose and 24.5 million Filipinos are now fully vaccinated. This represents a total of 31.76 percent of the target population and 22.23 percent of the total population. NCR is now 80 percent fully vaccinated and more or less 93 percent have already received the first dose. We would like to congratulate Chairman Abalos and all the NCR mayors for the job well done. Talagang napakalaki po ang nagawa po ng NCR at ito po ay isang ehemplo para makita po ng mga ibang regions. Other regions are now catching up with the delivery of more vaccines to the provinces.

In fact, tumawag po sa akin si Congresswoman ano po Gomez na iyong ano po iyong Ormoc is already 90 percent first dose at baka makuha na rin po nila iyong tinatawag natin na capacity nung NCR and they are very happy that we are providing supply to this city.

We are now raising the daily target to 1.5 million a day in order to achieve a happy Christmas this year. We will be opening the general population, then the pilot of children vaccination, and we are ramping up the vaccination of students, teachers, and tourism personnel, OFWs, and seafarers.

In fact, si Madam Berna po --- si Sec. Berna po, Mr. President, pumunta po siya sa ano sa mga --- pumupunta po siya, umiikot po siya sa lahat ng mga tourism spot at nagsabi nga po siya sa akin noong last Monday, pumunta po siya sa Dipolog at saka po doon sa Camiguin Island.

And ang maganda rin po, iyong ating mahal na secretary na si Secretary Prospero "Popoy" de Vera, talagang napakasipag niya po na talagang mag-vaccinate ng mga students, teachers, at saka po bumibisita po siya sa mga different universities. Bukas po pupunta po kami sa isang university at magbabakuna po kami ng more or less na mga 3,000 po, Mr. President.

[Next slide, please.]

Sir, the COVAX delivery, we would like to thank WHO and also the COVAX facility and UNICEF that the delivery of COVAX now is very significant. It already accounted for 24.3 million doses and majority of which are coming from the US donation. Total na po ng US natin ngayon 16, plus iyong promise po na additional sa 18 and other countries are expected to donate this October.

So, Mr. President, as you have instructed to us, we need to re-strategize to increase the daily jabs and achieve people protection soonest possible time particularly in key economic regions. So iyong instruction niyo po na iyong mga cities po unahin po natin and magmo-mobilize po kami nila Sec. Vince, ni Sec. Duque, at saka si Sec. ano po si Sec. Año para po talaga ma-mobilize po natin ang ating mga LGUs, ang ating Armed Forces, ang ating pulis, and ang ating DOH regional offices. So ito po, we will comply to you na we will be venturing to ano to have really ano a daily jab of 1.5 million.

And then napaka-successful po ng ating pilot children vaccination in eight hospitals. Sa report po na sinabi po ni Usec. Vergeire, sa 1,500 children with comorbidities with only four minor usual --- mayroon po tayong tinatawag na usual ‘yung side effects very minor. So nakikita po namin na puwede na po tayong mag-expand to the different hospitals.

And also, we can accelerate the vaccination of children to support the opening of the classes and economic recovery kasi ang ano po natin ang atin pong isa sa mga targets is to really sustain and open our schools.

[Next slide, please.]

Sir, kung makikita natin, iko-compare po natin 'yung ating accomplishment for the month of October, noong September 18 po, ito lang po ang nakuha nating bakuna, this is basically ano lang po mga 59 million. So, makikita po natin na isang buwan, mayroon po tayong 32 million na natanggap, so naging 91.5 million na po tayo. And ganoon din po, natutuwa po tayo iyong COVAX dati ano lang po ito 14 million, ngayon 24 million. So, nag-add po tayo ng 10 million.

Ganoon din po 'yung ating ano --- 'yung ating ano po --- 'yung ating vaccination, 'yung ating na-administered only 41 million lang po noong September 18, ngayon po nadagdagan ng 11 million.

Ito po ang medyo magandang datos po, Mr. President, nakikita po natin ang ating future performance na 'yung 50 million for the end of the year kayang-kaya po natin dahil kasi 'yung difference po ng 31 at saka 'yung 23 more or less ano po 'yan almost eight ano --- eight percent. So, kung three months po tayo ano 24 percent po 'yan, so magiging 55 percent po ang makukuha po natin dito sa ating fully vaccinated. So iyon po ang inaano po namin na sana makuha po namin 'yung 51 mil --- 51 percent or higher than 51 percent.

[Next slide, please.]

So, ito po 'yung ano 'yung ating update ng vaccination administration by region. So, makikita po natin na ang target na population po ng NCR is 9.7. Makikita po natin na 9 million na po ang nakakuha ng first dose. Meaning, ibig sabihin, 'yung hesitancy ng NCR napakababa. Nakita natin na halos 93 percent na po ang ating percentage ng first dose, at the same time, 'yung fully vaccinated almost 81 percent na po at more or less 7.8 million ang lahat ng fully vaccinated ng NCR. Again, we would like to thank the Chairman Abalos and also the NCR mayors for job well done.

Nakikita po natin 'yung CAR --- iyong CAR po mayroon na rin pong 34 percent at 'yung iba po humahabol na rin po lalo na 'yung nasa green ano green color green. So, makikita po natin na unti-unti po humahabol po sila from a measly 18 percent during the previous months po natin.

[Next slide, please.]

Sir, ito po 'yung problema po natin, makikita po natin 'yung talagang problema dahil kasi itong nakikita natin, ito 'yung tinatawag na trifecta of supply, throughput, and demand.

Noong dati po, Mr. President, supply po ang problema po natin. Ngayon po ang problema po natin 'yung throughput, kung paano po natin ia-administer 'yung mga vaccine.

[Next slide, please.]

Sir, kung makikita po natin noong March at saka po noong September, supply driven po tayo. Meaning, ibig sabihin, dahil kulang po ng supply, mababa po ang throughput natin. So ngayon po, sir, ang problema, sir, natin nandito itong iso-solve po natin ngayon dahil kasi ang ating --- iyong sinasabi niyo nga po na marami tayong ano naka ano naka-stockpile na more or less 39

million na vaccine. So, ina-address na po natin 'yung logistical challenge at the regional, provincial, and municipal deployment and administration because napansin po namin na ang deployment bago po makarating po sa vaccination site, umaabot po ng more or less to 7 to 8 --- 7 to 9 days.

So, ito po ang sino-solve --- so-solve-in po namin ni Sec. Vince, Sec. Duque, at saka po ni Sec. Año, kung paano po mapapabilis 'yung ating deployment from the national warehouse down to the administration site. Ito rin po ang problema po ng ibang mga cities na nababangga na po 'yung tinatawag nating hesitation. So, ang gagawin po nila is magsu-sweeping po sila, house to house, and then barangay to barangay. Ito po 'yung magiging parang ano po natin na 'yung willingness po tataas po 'yan pagka nagkaroon po tayo ng tinatawag na bandwagon event --- bandwagon effect na pagka nagkaroon tayo po ng ano tumataas na po 'yung ating willingness dahil po tuloy-tuloy po 'yung paalala niyo po sa ating mga mamamayan na kailangan po nating mag-vaccinate because this is the only way that we can ano we can get to the new normal.

So, nandito na po tayo, Mr. President, natapos na po tayo sa supply driven. Nandito na po tayo sa logistics and throughput driven. And then later on, makikita po natin pagka nandoon na po, sir, tayo sa 80 percent, iyong demand generation to get the 100 percent of vaccination.

[So, next slide, please.]

Sir, ito po 'yung ano nagkakaroon po tayo ng series of meeting with the different private sector. Ang private sector po, Mr. President, they are more than willing to ano to really to ano to help us. Actually, sir, si Cab Sec., siya po ang nag-o-organize po ng mga tinatawag natin sa Makati Business Club, at saka po 'yung tinatawag nating Economic Forum, at saka po 'yung T3, nag-meeting po kami ng ano ng series of meetings. Ito po 'yung recommendation po nila para ano po para po makatulong po sa ating tinatawag na mag-increase po ang ating jab per day.

So iyong first ano po, sir, nila proposal is 'yung Vax to the Max. Ibig sabihin, kailangan po natin na talagang we have to vaccinate all the willings. Kumbaga sa ano hindi na po sequential, iwa-widen na po natin 'yung tinatawag nating 'yung sinasabi niyo nga po kung sino po ang gustong magpa-vaccine ay magpabakuna na po.

And then 'yung ito po itong pinag-uusapan po namin ni Sec. ano ni Sec. Año, na bigyan po natin ng incentives 'yung mga nagpapa-vaccinate kasi po nakikita po natin na parang nangyayari po is parang pare-pareho po 'yung ano po 'yung ano mga incentives para sa mga nagpa-vaccine. Ibig sabihin pagka nag-vaccinate po, sila lang po ang puwedeng lumabas. Sila po ang tinatawag natin na sila lang ang puwedeng mag dine-in, at puwede rin pong mag-travel at saka po walang restrictions. Ganoon po ang ginagawa ng Israel na 'yung mga unvaccinated eh every week po sina-swab po sila at 'yung pag-swab po is 'yung expense ay doon po china-charge din po sa mga tao. So, iyon ang parang ginagawa nga natin na tinatawag natin na itong mga ano po 'yung mga vaccination ano mandates, meaning it will entice most of our unvaccinated to be vaccinated.

And then marami pa po silang ano, marami pa po silang ni-recommend pati po 'yung reset the metrics for NCR and high vaccination LGUs, iyong reopen transport further, reopen school further, at saka po 'yung strengthen 'yung healthcare system by having a public-private task force to address the constraints of the healthcare system, especially 'yung payments po ng ano ng PhilHealth.

And then they are recommending also considering that information is the only determinant for decision-making, kailangan mayroon rin po tayo ng pinaka-robust na tinatawag nating data ecosystem, and we would like to recommend po the appointment of a data czar.

And with this, ang ginawa po namin 'yung ating future ops in-integrate po natin, isinama po natin sa ating tinatawag po na recalibration of our strategy.

[Next slide, please.]

Ito na po 'yung tinatawag nating incorporating all the recommendations of the private sector, ito na po ang gagawin po natin. One strategy, number one is vaccinating the unvaccinated. Meaning number one, we will ramp up the vaccination to achieve 1.5 million jabs per day, and then we will concentrate on vaccinating the willing to achieve a bandwagon effect. Then, we will open up general population and pediatric vaccination and we will still maintain focus on senior and other priority sectors.

And then number two strategy is further protecting the vaccinated and healthcare system. Meaning, we will have the public-private task force to address challenges and issues on PhilHealth, maintaining masking and provide safe environment and ventilation on the community and also on the workplace, and then, also prepare for the revaccination or third dosing for the healthcare workers and the vulnerable sector. Ito po pinagpre-prepare na po namin ni Sec. Duque dahil nagbigay na po ng inclination ang WHO na 'yung ating ano 'yung ating vaccination for the third dosing, considering that magla-lapse na po 'yung tinatawag nating 'yung immunity, ito po ang inaano po natin na we can --- maybe we can start by November or maybe early December.

And then, we will open up schools and keep our students and teachers safe. So we will implement a safe, phased, sequential, and monitored pediatric vaccination. And then, we will vaccinate at schools and universities so that all the schools and universities will be considered as safe --- safe area. And then, we will vaccinate teachers, children, and personnel.

And then, in protecting the economy, the fourth strategy, the economy, we will use the focus and expand. So meaning, we will accelerate the vaccination of key cities and economic hubs. And then second, we will level up Region IV-A and Region III to NCR. Meaning, we will ano we will designate NCR, Region III and Region IV-A as one ecosystem or one geographic area. And then at the same time, that Region X, XI, and XII, and Region VI, and Region VII will be considered also as one ecosystem or one geographical area. And then, also number three is strict implementation of mass transport and workplace protocols; and also stringent work discipline, masking, social distancing, and good ventilation.

And then lastly is to achieve safe Christmas and National Election, so our --- our objective is to vaccinate at least 50 million of priority population before Christmas. And then, all the NCR 10 --- NCR 10, the key cities, at least 70 percent fully vaccinated before the end --- before Christmas. And also vaccinate at least 70 percent of the total population before the election period. So meaning, before February on the election period, we already vaccinated more or less 70 percent.

[Next slide, please.]

So this will be our way forward, meaning, our future operations. While the cases are continuously decreasing and our economy is slowly opening, we need to prepare for another surge or prevent same from happening. And we can only do this by striving to achieve the “Vax to the Max”. Meaning, we have to protect the centers of gravity, the schools, and the universities.

Then, second is to regenerate our healthcare workers and frontliners. Meaning, kailangan po natin maipahinga nang kaunti ‘yung ating mga healthcare workers, and at the same time, we have to create another sir --- in preparation for another surge.

And then third, we have to reorganize and reconstitute our hospitals to strengthen further our healthcare system. Number four, to protect our seniors and children; and also to improve ventilation and minimum health standard enforcement at workplace.

That’s all for my report, Mr. President. Maraming salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you. Can we have Secretary Duque?

DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III: Good evening, Mr. President, and magandang gabi kay Senator Bong Go; ES Medialdea; at sa mga kapwa ko Cabinet members; at higit sa lahat ang atin pong mga kababayan.

Ang akin pong report ay may tatlong bahagi. Unang-una ay ‘yung atin pong maikling ulat ukol sa Typhoon Maring response na susundan ng ating usual COVID-19 updates.

Bilang panimula, Mr. President, nais namin kayong bahagingan sa ginawa nating pagtugon sa Bagyong Maring. As of October 19, 2021, mayroong higit 200,000 pamilya o higit 800,000 indibidwal ang naapektuhan sa 1,592 barangays sa Regions I, II, and CAR. At sa bilang na ito, mayroon po tayong 543 na pamilya or 2,084 na indibidwal ang nananatili sa 61 evacuation centers sa mga rehiyon.

Mayroong anim na nasira na mga health facilities na agad nating natugunan at nakapagpadala po tayo ng siyam na Health Emergency Response Teams or HERTS sa Ilocos Sur; Narra, Palawan; at CHD-8 upang mapabilis ang medical and emergency response operation sa mga lugar na ito. At mayroon na ring halos 8.5 million worth of health commodities gaya ng mga gamot at mga COVID-19-related supplies na prepositioned ng ating mga CHDs or regional offices upang magamit sa ating response operations.

At patuloy lamang ang ating ugnayan sa ating mga Centers for Health Development at local health units concerned upang makapagpaabot ng nararapat na serbisyo sa mga apektadong pamilya sa mga lugar na akin pong nabanggit.

[Next slide.]

Dito naman po para sa ating usual COVID-19 updates, ngayon pong ika-19 ng Oktubre ay may nadagdag na 4,496 na bagong kaso. Ito po ay mas mababa doon sa nakaraan na dalawang araw na mga 6, 000 plus. Noong October 15 ay nasa 7,000 tayo so nakita natin ito po ay tuloy-tuloy ang pagbaba.

At sa ngayon po, ‘yung ating 4,496 na naidagdag na mga kaso: 741 po ay mula sa National Capital Region; at 465 naman mula po sa Region II; and 254 mula sa Region IV-A. At ang mga

pangunahing lugar na nakapag-ambag ng mataas na mga kaso: ang Negros Oriental - 211; ang Cagayan - 182; ang Zamboanga - 155.

Para naman sa ating mga aktibong kaso, ang bilang ngayong ika-19 ng Oktubre ay nasa 63 --- ‘yan po 63,637 at ito po ay ang katumbas 2.33 percent of all cases at ito po ang isa sa pinakamababa natin na naitala na mga aktibong kaso.

Samantalang ang atin pong recoveries ay umabot na sa 2.6 million thereabouts ‘no representing 96.17 percent. At ang atin namang mga pumanaw ay naidagdag na 211. Ang pangkalahatan natin na bilang ay 40,972. Ang katumbas po nito ay 1.5 percent case fatality rate.

At --- *[next]* --- ito naman pong patuloy, makikita natin ang confirmed COVID-19 cases by adjusted date of onset. Ito pong ating four-week moving average, ito po ‘yung black line. Makikita po natin ang nag-peak po tayo sometime in September. Ayan po ang pinakamataas natin 20,94[6]. Pero after that, nagsimula nang bumaba ang mga kaso.

In fact, ngayon po October 13 to October 19, ito po ‘yung --- ang naitala po na average daily cases ay nasa 6,955, which is 31 percent lower than the previous week or prior to this week from October 6 to October 12 na kung saan ang atin pong 7-day moving average of 10,065 daily cases. At from here, galing po rito ay nasa 20 percent po ang ibinaba; at ito po, 31 percent ang ibinaba.

So ito naman po ‘yung ating mga representative regions na may mga pinakamataas na mga kaso. So sa madaling salita, Mr. President, talagang ito malinaw na malinaw na, nag-umpisa na talagang patuloy ang pagbaba ng mga kaso.

[Next slide.]

Ito naman po ‘yung ating mga confirmed cases. Ito po ‘yung mga iba’t ibang mga epidemic curves ng mga iba’t ibang major island groups. Iyon pong kulay blue, ito po ang NCR. Nakita natin nauna na siyang nagpakita nang malaking pagbaba ng mga kaso after the surge sometime in mid-September. Sumunod po ang rest of Luzon, medyo nahuli po ang pagbaba ng rest of Luzon; at sumunod naman din po rito ‘yung ating Plus areas of Bulacan, Rizal, Laguna, Cavite.

At nakita po natin ito naman ang Mindanao, ‘yung kulay orange na epidemic curve bumaba na rin po. Ganoon din naman ang Kabisayaan, nag-umpisa na rin pong bumaba ang mga kaso. So all in all, makikita po natin the evidence that our cases have truly started to go down ‘no.

[Next slide.]

Ang healthcare worker benefits as of October 19, at 16 billion na ang ating naipamahaging benepisyo pangkalahatan para sa atin pong mga healthcare workers at kasama rito ang pinakabagong ulat ng ating pamamahagi ng special risk allowance at COVID-19 sickness and death compensation.

At kumpara sa aming huling talaan noong October 11, tumaas ng bahagya ang pondong naibaba para sa special risk allowance ng healthcare workers na kabilang sa Batches 3 and 4. Ang naipamahagi na nasa humigit-kumulang na 55,000 healthcare workers ay nasa P735 million na po at mula sa huling ulat na 617,000 --- P617 million.

At para naman sa sickness and death compensation, mula sa 604 million, nasa 613 million na ang ating naipamahagi para sa mga healthcare workers na nagkaroon ng mild, moderate, at

severe to critical na kaso ng COVID-19. Kasama rin dito ang mga benepisyaryo ng mga nasawing healthcare workers dahil po sa COVID-19.

So ang amin pong tanggapan ay patuloy na humihiling ng karagdagan na pondo para sa atin pong mga healthcare workers na hindi pa nakatatanggap ng kanilang benepisyo. At nais din namin na ipaalam na kami po ay magpapatuloy sa pagtulong sa atin pong mga namamayaning healthcare workers na araw-araw lumalaban para po sa ating mga kababayan.

So ito na lamang po --- *[next slide]* --- ang pinakahuling ulat ang bilang pagbubuod ay nakikita po natin ang patuloy na pagbagsak ng mga kaso natin at ang pinupuntirya natin ay patuloy na palakasin, palawigin ang tugon lalo na sa mga malilit na rehiyon na kung saan ay nakikita natin mabagal pa rin ang pagbagsak ng kanilang mga kaso at ang utilization rate ay nagbabanta pa rin na posibleng sumipa pa ito ng high risk utilization rate ano po.

At pangalawang pagbubuod, ang atin pong bakunahan sa A2 and A3 priority groups ay dapat pong isulong pa rin ito sa mga iba't ibang rehiyon at para makatulong sa atin pong full coverage. At ito po ay magkakaroon ng pinakamagandang epekto pagdating po sa pag-iwas na mabilaukan ang atin healthcare systems capacity at mapababa ang atin utilization --- healthcare utilization rates and deaths.

So ito na lamang po ang akin pong huling bahagi ng pag-uulat at handa po akong sumagot sa inyo pong mga katanungan. Salamat po, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Secretary Duque. May I call now on Secretary Lorenzana?

DND SECRETARY DELFIN LORENZANA: Magandang gabi, Mr. President. Magandang gabi, mga kapwa ko lingkod-bayan.

Mr. President, ito po 'yung aming report ng crisis management --- Crisis Action Plan implementation na ipinapatupad ng ating National Task Force on COVID.

[Next slide, please.]

Ito po ' yung ating mga ginawa nitong nakaraang linggo. Sa tracing and isolation mayroon po tayong 12,370 suspected cases ay --- confirmed cases ay 6,453; close contacts traced - 47,813.

Iyon pong ating mga contact tracers ay medyo bumaba ang bilang dahil 'yun pong kontrata ng mga 20,000 contact tracers ay natapos na.

Dito naman sa ating COVID tests natin ay mayroon tayong na --- mula noong mag-umpisa 'yung ating crisis management ay 751,000 na 'yung ating na-testing. So ang total natin ngayon, ang kabuuan po mula noong mag-umpisa tayo ay 20,865,838.

[Next slide, please.]

Ito po magandang numero dahil bumaba po 'yung ating occupancy rate. Ibig sabihin, 22 percent na lang sa kabuuan nito ang ating mga occupied ng ating mga may --- may cases. Kaya dumami po --- dumami po 'yung ating mga bakante, bakanteng beds.

[Next slide. Next slide, please.]

Patuloy po rin nating ipinapatupad 'yung minimum public health standards. Sa itong nakaraang linggo ay nakahuli sila ng violators, 361,470; iyon namang mga hindi pinalusot sa checkpoints ay 16,342; at saka 'yung mga hindi dapat lumalabas ng bahay ay 1,525.

[Next slide.]

Ito po 'yung health facility sub-cluster. Ito naman 'yung bilang ng mga hospital --- hospital beds na nakalaan sa ICU at saka sa mga COVID beds. Ngayon po ay bumaba ng 57 percent na 'yung weekly healthcare utilization rate na kaninang --- binanggit na kanina ni Secretary Duque. Pero ito po 'yung magandang numero ngayon, halos kalahati na lang ang occupancy rate ng ating mga hospital beds ng pang-COVID.

Kaya nga po 'yung mga ibang hospital ay nagbabawas na ng COVID ward at saka COVID beds kasi kakaunti na lang po 'yung nagpapaospital.

[Next slide, please.]

Ito --- ito po 'yung numero ng ano na napakaano po, this is clear na itong mga hindi vaccinated ay sila 'yung mga nandoon sa ICU beds, ICU wards, at saka 'yung intubated, 'yun pong mayroon ng tubo na nakasaksak sa lalamunan ay sila 'yung mga hindi vaccinated. Kaya po siguro ito magiging kuwan natin, halimbawa natin sa mga taong ayaw pa magpabakuna na dapat sila'y mapabakunahan na.

Ito naman po sa ating ano mga health workers na ating hina-hire ay 96 percent na of the 10,226 ang nakuha na natin.

[Next slide, please.]

Ito naman sa borders sub-cluster ay mayroong 37,391 OFWs quarantined; positivity rate of ROFs, ito po 'yung mga --- mga returning overseas Filipinos na bumabalik. Ito lang --- nag-decrease 'yung kanilang positivity from 1.75 percent to 1.48 percent.

Maganda pong ano ito gauge ito ng kung gaano katindi 'yung ating pag --- pag-testing ng mga COVID; 16,701 naman ROFs at saka foreigners ang ating naasistehan. Ito naman 'yung 80,025 quarantine rooms for ROFs. Marami po 'yung ating quarantine rooms, 80,025 na quarantine rooms for ROFs, returning Filipinos sa NCR, Clark, Cebu, Davao, marami po 'yan, and Subic. At ang kanilang occupancy rate ay 79 --- 79 thou --- 79 percent.

Iyon namang sa airport, mayroon tayong 1,198 isolation rooms para po sa mga dumarating na kailangang i-isolate, with the --- with 40 percent occupancy rate.

[Next slide, please.]

Ito 'yung mga dumarating na mga ano natin mga OFWs, 1,855 ang seafarers assisted; 9,352 returning overseas Filipinos via repatriation; at saka 9,000 through 66 Bayanihan flights. Sa Balik Probinsya naman, Mr. President, ay mayroon tayong naasistehang 7,510 sa NAIA na pabalik sa kanilang probinsiya; at saka 65 --- 6,599 ang nabigyan ng free rides in PITX.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you. We go now to Secretary Año.

DILG SECRETARY EDUARDO AÑO: Magandang gabi po, Mr. President; Executive Secretary Salvador Medialdea; Senator Bong Go; fellow public servants; mga kababayan ko, magandang gabi,

Unang-una pong iuulat ko ay ang nagaganap na bigayan ng ayuda sa probinsiya ng Bataan. Ito na lamang po ang natitirang probinsiya matapos makatapos ang NCR at ang probinsiya ng Laguna.

So nakikita po natin 99.01 percent or total of 691,364 beneficiaries na po ang nakatanggap at ito na po ang huling linggo ng palugit na ibibigay natin sa Bataan para tapusin ang pagbibigay ng ayuda.

[Next slide, please.]

Ito po makikita ang breakdown nang pagbibigay ng ayuda sa lahat ng municipalities ng Bataan.

[Next slide.]

Dito naman po sa ulat natin sa kampanya against illegal drugs. Makikita po na nakapagtala tayo ng 1,000 --- nakapagtala po tayo ng 933 operations at nagkaroon po nang pagka-aresto sa 1,331; 16 naman po ang nag-surrender; at walo ang namatay sa anti-drug operations.

Gusto ko lang pong bigyan ng pansin ang dalawang insidente. Ang isa ay naganap noong 16 October, 3:30 p.m. sa Aguinaldo Highway, Dasmariñas, Cavite kung saan ang pinagsanib na puwersa ng PDEA, PNP, AFP, NICA, at Bureau of Customs ay nakapag-conduct ng buy-bust operations na nakapag-aresto ng dalawang drug pusher at naka-confiscate ng 240 kilos worth of shabu, naghahalaga po ng P1.65 billion. At noon pong 18 October naman, 10 a.m. sa Punta Verde Subdivision, Pulung Cacutud, Angeles City, the same din pong grupo ng ating mga operators ang nakapag-conduct ng buy-bust operation. Apat na Chinese national ang nasawi at nakapagkumpiska ng 38 kilos worth P262 million worth of shabu. Kaya makikita po natin sa loob lamang po ng isang linggo, P2,011,570,419 worth of shabu ang ating nakumpiska. Maituturing po na isa ito sa pinakamalaking accomplishment ng ating mga law enforcers.

[Next slide.]

Ito naman po ang talaan ng mga violations na na-record natin sa dumaang isang linggo. Iyan po ang not wearing face mask - 92,000; mass gathering - 1,582; at no physical distancing sa 51,000.

Mr. President, nais ko rin pong ibalita at paalalahanan na sa nalalapit nating eleksiyon ay ipinag-uutos natin at ipinagbabawal sa ating mga kandidato ang pagbibigay ng tulong pinansiyal, materyal o pulitikal na suporta sa CPP-NPA-NDF at mga kaalyado o kasaping organisasyon nito, kabilang na rin ang Abu Sayyaf Group, Bangsamoro Freedom Fighters, at iba pa.

Ang pagbabayad ng permit-to-campaign o permit-to-win sa mga teroristang ito ay katumbas ng pagsuporta sa kanilang iligal na gawain at masasabing hangarin. Mahigit itong ipinagbabawal sa ilalim ng ating batas. Dito po sa Section IV of RA 10168, “The Terrorism Financing Prevention and Suppression Act of 2012” ay puwede pong patawan ng reclusion temporal hanggang reclusion perpetua, o kaya ay magkakaroon ng fine na mula P500,000 to P1 million sa mga lalabag sa batas. At ito rin po ay ipinagbabawal sa Section 261 ng Omnibus Election Code of the

Philippines na pupuwede pong maglatag ng parusa one to six years imprisonment at disqualification to any public office.

Nakahanda po ang DILG na magsampa ng kaso upang i-disqualify ang mga kandidatong mapapatunayang nagbabayad o nagbibigay ng anumang uri ng suporta sa mga teroristang grupo oras na magsimula ang ating campaign period sa 2022 Election, lalong-lalo na po sa CPP-NPA-NDF.

[Next slide.]

Sa paggunita naman po ng Undas ngayong November 1, ang IATF ay naglabas na ng guidelines na ipasasara ang lahat ng sementeryo, memorial parks, libingan, kasama na ang columbaria mula October 29 hanggang November 2, 2021. Ang ating mga kababayan ay maaaring bumisita sa mga nasabing lugar anumang araw maliban sa nasabing panahon.

Nakatakda din sa 30 percent capacity ang papayagan sa loob ng mga sementeryo at kailangang sumunod sa minimum public health standards. Ito ay ipatutupad ng ating mga LGUs, ng ating Philippine National Police, kasama ang mga barangay tanod, barangay public safety officers, at mga auxiliary units.

Kinakailangan din magpasa ng ordinansa or executive order ang mga LGUs upang ito ay maipatupad nang maayos upang maging ligtas ang ating mga kababayan sa paggunita ng darating na Undas.

Iyan lamang po, Mr. President. Maraming salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you. We go now to Secretary Roque.

PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HERMINIO "HARRY" ROQUE JR.: Magandang gabi po, Mayor. Magandang gabi po kay Executive Secretary Medialdea at kay Senator Bong Go at sa lahat po ng kasama nating nanunungkulan sa gobyerno.

Well, ang --- ang ulat ko po ngayon ay pinalawig po natin 'yung ating pilot para sa Alert Level System. At ito po ay i-implement din natin sa ilang mga rehiyon sa iba't ibang parte ng Pilipinas. So kabahagi pa rin po ito ng pilot study at hindi pa po ito talaga permanente 'no.

Pero sa ngayon po, nilagay po natin sa Alert Level 4 ang Region VII: Negros Oriental; ang Region XI: Davao Oriental. Nasa ilalim naman po ng Alert Level 3 ang Region IV-A: Cavite, Laguna, Rizal; Region VII: Siquijor; at Region XI: Davao City, Davao del Norte. Nasa ilalim po ng Alert Level 2 naman po ng Region IV-A: Batangas, Quezon Province, Lucena City 'no; sa Region VII po: Bohol, Cebu City, Lapu-Lapu City, Mandaue City, Cebu Province ay nasa Alert Level 2 rin; kasama po sa Region [XI] ay ang mga probinsiya ng Davao de Oro, Davao del Sur, Davao Oriental.

Ang Alert Level 1 po ay ito po ay reserved po at ina-amend po natin 'yung ating mga matrix na dapat bago ma-Alert Level 1 eh mayroon na pong 70 percent ng populasyon ng A2 at A3, at ang eligible population ang nabakunahan na. Pagkatapos po nito ay nandito po 'yung ating classification para sa iba't ibang lugar na hindi po pa --- hindi pa po kabahagi ng Alert Level System.

So nasa ilalim po ng MECQ mula 16 hanggang 31 of October ang mga lugar ng Apayao, Kalinga, Batanes, Bulacan, Bataan, Naga City sa Luzon at saka ang siyudad ng Zamboanga City at ang probinsiya ng Zamboanga del Norte sa Mindanao.

Nasa ilalim naman po ng GCQ with heightened restrictions sa Luzon po ang mga probinsiya ng Abra, ang Baguio City, ang Ilocos Sur, ang Pangasinan, ang Cagayan, ang Isabela, ang City of Santiago, ang Nueva Vizcaya at ang Quirino; sa Visayas po, nasa ilalim din ng GCQ with heightened restrictions ang Bacolod City at ang Capiz; sa Mindanao po, kabahagi po ng GCQ with heightened restrictions ang Zamboanga del Sur, Misamis Oriental, Cagayan de Oro City, Butuan City, Surigao del Sur.

Mapapasailalim naman po sa GCQ sa Luzon po ay ang mga probinsiya ng Ilocos Norte, ang Dagupan City, ang Ifugao, ang Benguet, ang Tarlac, ang Occidental Mindoro, ang Oriental Mindoro, ang Puerto Princesa City, ang Marinduque, Albay, Camarines Norte; sa viyas --- sa Visayas po, mapapasailalim --- nasa ilalim na po ng GCQ ang Aklan, Antique, Guimaras, Negros Occidental, Iloilo City, Iloilo Province, Tacloban City; at sa Mindanao po, kabahagi po sa GCQ ang Zambaonga Sibugay, ang Misamis Occidental, ang Iligan City, General Santos City, Sultan Kudarat, Sarangani, North Cotabato, South Cotabato, Agusan del Norte, Agusan del Sur, Surigao del Norte, Dinagat Islands, Cotabato City at Lanao del Sur.

Ang mga lugar na hindi po natin nabanggit ay lahat po sila ay mapapasailalim po sa MGCQ.

[Next slide, please.]

So ‘yun lang po ngayon ang ating mare-report sa ating taong-bayan at maraming salamat, Mayor, at sa lahat ng ating mga kasama.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat, Secretary Roque. Now, we go now to --- we call Secretary Nograles to make his report.

CABINET SECRETARY KARLO ALEXEI NOGRALES: Maayong adlaw, Mr. President; Senator Bong Go; ES Medialdea; and ang ating mga kaubanan sa Gabinete; mga kababayan.

Ang report ko po ay tungkol naman sa Commission on Filipinos Overseas or CFO na alam naman po natin ay nasa ilalim po ng Office of the President. Iyong CFO, Mr. President, mandated under Batas Pambansa Bilang 79 para ma-promote and uphold ‘yung interest, rights and welfare ng overseas Filipinos.

Pero ang emphasis po ng services ng CFO para po sa mga Filipino emigrants, ito po ‘yung mga Filipino permanent migrants abroad, mga permanent residents abroad na mga Filipinos, mga naturalized in other countries, those who hold dual citizenship, Filipino spouses and other partners of foreign nationals, descendants of overseas Filipino, Filipino youth overseas, Exchange Visitor Program participants, and Filipino au pair participants. Ito po ‘yung coverage ng CFO.

Sa contribution naman ng CFO to our government's pandemic response, actually patuloy naman ang trabaho ng CFO at they undertook several initiatives dito sa pagtugon sa pandemic ng COVID-19 and they ensured its continuous delivery of services.

But they were also able to realize savings ng P10.2 million, which kinontribute (contribute) naman po ng CFO to the pandemic response last year. Amidst the pandemic ay committed pa rin ang CFO to its mantra na kalidad na serbisyo para sa mamamayan abot sa labas ng bayan.

[Next slide.]

Nag-facilitate din po ang CFO office from 2016 to 2020 ng mga donations: P174.59 million worth of donations in financial donations and in kind or material donations channelled through the Lingkod sa Kapwa Pilipino (LINKAPIL) at nakapag-benefit ng more than 265,000 sa pamamagitan ng mga small-scale at high- impact projects for social and economic development needs. Kabilang po dito iyong mga medical missions, calamity relief assistance, classroom construction, scholarship grants, and skills training and skills transfer.

[Next slide.]

At malaki rin po 'yung ambag ng CFO office sa war against human trafficking bilang miyembro ng Inter-Agency Council Against Trafficking (IACAT) at chair ng Advocacy and Communications Committee ng nasabing council. They continue to operate itong 1343 Actionline. Ito po 'yung national hotline against human trafficking na nagbibigay po ng mga emergency response at tumutugon sa mga crisis calls from victims of human trafficking and their families. In fact, almost 250 cases mula sa hotline na ito ay na-handle po nung Commission.

May hinanda po na video presentation ang CFO para mas lalo nating ma-appreciate ang accomplishments po nila. If we can play the video of the Commission on Filipinos Overseas.

[plays video presentation]

Iyon lang po, Mr. President. Maraming salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you. Well, I guess we're all through with our resource persons now. Wala nang magre-report. So I will just say a few words about itong Blue Ribbon Committee hearing.

We welcome the call of the Philippine College of Physicians that this matter should be immediately given to our courts and the Ombudsman. We have been saying this for the longest time and we all know that the Senate cannot prosecute. Mabuti pa ang mga doktor alam at naintindihan nila.

File cases is the right way to go. Stop using this issue in aid of election. Problema kasi sa Senate natin trying hard maghanap ng mga issue na may nangungurakot o kaya may nagkakapera. But up to now, the committee has not really built a case out of the numerous hearings they have conducted.

And so we go back now to what has been established many times, walang overpricing, legal at naging --- ang proseso --- legal ang naging proseso nang pagbili, according to what has been provided by Bayanihan 1. Na-deliver lahat at binayaran nang pagkatapos na-deliver.

And if you think that you have identified companies with tax issues, then file the appropriate cases. Matagal na naman namin sinasabi, kasuhan niyo ang mga dapat kasuhan. Lahat naman talaga dapat magbayad ng buwis at kung kailangan magbayad, singilan para magbayad iyong may mga atraso sa gobyerno kagaya ni Senator Gordon.

You have not even taken steps to deliver the 86 million. And so I think we will have to see if we can call on the Ombudsman to step in because matagal na itong utang na ito at final and executory na. So bakit kung senador ang may tama, walang nagagawa at ilang taon na 'to. So itong mga senador, siguro they are exempted from the operation of the law because until now this 86 million which was incurred during sa termino ni Gordon sa Subic, itong incessant and repetitive summons. At wala man sana akong patawag ninyo at you can grill them all day long as long as it is relevant, pertinent, and all, sige. Pero kung paupuin ninyo ng ilang oras na hindi naman tatawagin and day-to-day iyong summons, ah... Eh you call my memorandum “stupid?” Well, I challenge you: bring your arguments to the proper court and I will answer you.

You threaten the budget of different agencies of the Executive because the officials refuse to attend to your hearings. Ito 'yung mga pang-abuso talaga itong masabi ko sa gobyerno --- sa gobyerno 'pag ka demokrasya, itong separation of powers, co-equal and everything; and they threatened to paralyze
government.

I challenge you, do it. 'Pag ka 'yung mga hearing reduce the budget by one third, hinahamon ko kayo, gawain ninyo 'yan. Mautak man kaya kayo. Eh ako ordinaryo lang, 75. Pero kaya ng utak ninyo, sige, I challenge you. Iyang tinatakot ninyo mga secretary, anong sakit ng --- alam mo, ang secretary eh kaso lang itong --- you are before gentlemen.

Tingnan mo ah sigaw-sigawan mo 'yan, makita niyo balang araw it will come to a head and then it would not be --- it would not be good for everybody in this Republic. Tingnan mo, subukan mo. Reduce it by one third, I challenge you. Huwag kang magtakot, gawin mo. O i-zero budget mo ang Office of the President. Sige nga, gawain mo daw. Bakit? Aabot ba 'yang pera ninyo kung hindi magdaan sa akin? Eh kung hindi ako mag-release? Tit for tat. Akala ninyo kayo lang ang marunong.

Alam mo dito sa gobyerno suplado, takutan. Gordon, susmaryosep ka. Nowhere you come from at alamin naman ninyo kung saan kami galing. Kumakain kami ng atay doon sa amin, sa totoo lang. Tanungin mo 'yung mga military. Iyong mga ano doon kinakain namin. Iyong sa iyo takutan lang eh. Walang takutan, diretso mo na. Let’s have a showdown, sige. Mahusay naman kayo sa mga threatening, threatening, threatening. Let us have a confrontation para tapos na 'yung hangin mo.

Kita mo ngayong umalis ka na doon sa SBMA, maganda na ang takbo. Ang hangin doon wala ng --- paminsan-minsan na lang kasi wala ka na. Puro hangin ka lang eh. Ito 'yung mga --- mga kababayan ko tingnan ninyo itong mga abusado na akala ninyo mga Diyos sila --- threatening, threatening.

Kaya itong mga reminders na, with the encouraging developments in our vaccinations as with the number of new cases, we are hopeful that this will be the end of this pandemic in this country soonest. Pero huwag pa rin pa rin ninyong kumpiyansa, mag-ingat, maski na papaano sinabi na sa inyo noon: mask, hugas, iwas, at labanan ang virus o virus ng bakuna at huwag mamimili.

Ang sabi --- sinabi ko kay Secretary Galvez, haluin lahat. Ihalo 'yung ano 'yung karton por karton, o dito itapon isa, isa dito. Walang --- huwag kayong mamili kasi talagang ito namang lahat bakuna, okay ito. I mean, they are all with, you know...
Ngayon, kung subukan ninyo --- ayaw ninyo ng bakuna, anti-rabies marami akong stock diyan ngayon. 'Pag may rabies epidemic doon sa lugar ninyo, eh 'di 'yun na lang ang ipadala ko. Ayaw ninyo ng bakuna ng ano eh 'di... Huwag kayong mamili kasi sinabi ko lahat 'yan may bisa. Baka

ayaw ninyo ng mga China-China. Ngayon gusto ninyo Sinopharm kasi nag-Sinopharm kaming lahat dito. Kami nga ang huli eh.

Alam mo kung ang bakuna hindi effective, do you know that if these vaccines that we have been giving to the population are not really effective and right, marami ng patay ngayon. We've been trying hard, really hard to fight, well, itong sa COVID program nakatutok kami lahat dito. I'd like to thank everybody who --- who have really contributed to what we are now seeing. Hindi ako magsabi success but what you see now.

At itong ating ruckus sa mga senador, okay man lang 'yan basta do not overstep. Malaman mo man kasi eh. Ako hindi naman ako g*** na kaya sabi ko noong una nung continuation, sabi ko nga kay Secretary Galvez pati sa kay Secretary Duque, sige magbalik kayo doon kasi nakaumpisa na kayo, iyong pag-sign ko ng memorandum. Pero kung ganoon man lang na --- ganunin sigaw-sigawan ninyo o paupuin ninyo ng ilang oras tapos pauwiin ninyo, ni isang tanong wala, anak ng... Eh kung gawain ko sa inyo 'yan? Hindi lang ninyo alam kung papaano pero kung gawain ko sa inyo 'yan, maligaya kayo?

Mga kababayan ko, dito tayo sa kampo ng tama. Huwag kayo doon sa kampo ng mali. 'Pag ka sabihin ko sa inyo lalo na sabihin ko sa iyo mamili kayo ng bagong mga opisyal, senador, basta 'yung bago. Hindi naman kailangan wala talaga hindi sa gobyerno.

They might be government officials, past or present, but try to scout new faces. Huwag 'yang pabalik-balik, susmaryosep. Kagaya kay Gordon. Anong nakuha ninyo kay Gordon? Eh ‘di PDAF. Pati mukha niya nilagay sa ambulansiya. Mabuti sana 'yung ang may-ari ng mukha na 'yan isakay sa ambulansiya.

Maraming salamat po. *[applause]*

--- END ---